

Salaysay ni Bb. Rica Diamzon Cahilig

Rica Diamzon Cahilig, 20 taong gulang, taga Mabiga Hermosa, Bataan.

(Ang Salaysay ni Rica Diamzon Cahilig ay kinuha noong ika-13 ng Marso 2018 sa loob ng Wheatberry 80 Scout Castor Street, Diliman, Quezon City ni Atty. Hasminah D. Paudac, kasama si Ms. Veronica Cabe, isa sa mga naghain ng Petisyon sa Commission on Human Rights, at noong ika-16 ng Marso 2018 sa pamamagitan ng isang tawag sa celfon ni Atty. Zeldania DT. Soriano.)

Q1: Sino si Rica Diamzon Cahilig? Bigyan mo kami ng maikling personal background.

A1: Isa akong Aeta Ambala, yan ang tawag sa tribu namin. Siyam (9) kaming magkakapatid. Ang tatay ko ay isang magsasaka. Ang nanay ko ang siyang nasa bahay, at katuwang din ni tatay sa pagsasaka. Lumaki ako na kasama ko sila. Sa isang kumunidad kasama ko ang mga kamag-anak din namin. Noong bata ako, pag-uwi ko sa iskwela at pag walang pasok, tumutulong ako pati mga kapatid ko sa pagtatanim.

Q2: Alam mo ba kung bakit ka narito?

A2: Inimbitahan po ako ni mam Derek na mag-meeting tungkol sa climate change tapos, later on, naliwanagan po ako na magsasalita pala ako bilang witness sa public hearing.

Q3: Ano ba ang pagkakaunawa mo sa climate change?

A3: Pabagubagong klima dahil na rin sa abuso ng tao sa kapaligiran... na nagdudulot ng matintinding baha, init at iba pa... kaya nakakaapekto sa tao, sa amin, kaya concern po namin ang mga epekto.

Q4: Saan mo natutunan ang tungkol sa climate change?

A4: Napag-aaralan na rin po namin sa school ang tungkol sa climate change, kay mam Derek din po maraming akong natutunan.

Q5: Ano ang sinasabi mong concern mo na may kinalaman sa climate change?

A5: Nakakaapekto kasi ang climate change sa kabuhayan, pananim ng aming pamilya... yung tradisyon po naming pagdadanso na nakaugat sa kalikasan ay unti-unting nawawala dahil nasisira na rin ng tagtuyot ang kalikasan... naapektuhan ang pag-aaral ko po at syempre ang kinabukasan ko.

Q6: Paano naapektuhan ang buhay at kultura ng inyong tribu?

A6: Natutuyo at nasisira po ang mga pananim at wala nang makuhang pagkain sa kabundukan. Hindi lang naman dahil sa panahon kaya nasisira ang mga pananim at nawawalan ng pagkain pero yung

tagtuyot at mas mainit na panahon ayon na rin sa aking mga magulang at sa natutunan ko tungkol sa climate change ay isa sa mga dahilan o factor ng pagkasira ng mga pananim at unti-unting pagkawala ng pagdadanso.

Q7: Sa epekto sa tanim muna... Ano ang mga tinatanim niyo?

A7: Sitaw, talong, kamote, mais at kung ano pang pwedeng gulay na itanim. Pag-araro ng tatay ko ng bukirin, kami naman yung maglalagay ng buto. Magtatanim din kami ng tangkay ng kamote tapos tumutulong din kami sa pag-ani.

Q8: Gaano katagal ninyo inaani yung mga tinanim ninyo?

A8: Depende po sa tanim. May mga gulay din na “seasonal.” Yung mais mga dalawa hanggang tatlong (2-3) buwan bago anihin. Iyong sitaw naman lalagyan ng buho, iyong maliit na bamboo, tapos lalagyan ng tansi, iyong lubid na maliit, tapos lalagyan ng istraw, isang (1) buwan tutubo na yung sitaw.

Q9: Gaano kalaki yung tinatamnan ninyo?

A9: Mga siyam (9) na ektarya sa “ancestral domain” ng pamilya namin, pero iba-iba po tanim doon. Bukod sa mga gulay at palay na sinabi ko, mayroon ding mangga, saging, at niyog.

Q10: Kumusta naman ang ani ninyong mag-anak?

A10: Hindi na po sapat tulad dati. Dati sa isang pwesto ng aming bukid, umaabot ng 40 kaban ng palay na nakukuha. May sobra pa para ibenta. Ngayon kasi 30 kaban o mas mababa pa. Iyong naani na iyon, iimbak ng magulang ko para may makain kami sa mga susunod na buwan kasi mga tatlong (3) buwan bago pa maani ang palay. Minsan kumukuha pa kami sa kamag-anak pag nagkulang. Dati hindi namin nararanasan iyon kasi may sobra pa para ibenta. Iyong kamote namin, dati maganda pa. Ngayon po nagkaka-ulalo o iyong umiitim siya kaya hindi mo maibenta. Dati kasi pati iyong maliliit na kamote naibebenta namin. Ngayon, kahit nagtanim kami ng kamote sa apat na linya ng lupa, wala kaming naani dahil sa sobrang init. Namatay, nasira sila.

Q11: Nabanggit mo ang sobrang init, sa anong paraan naapektuhan ka o ang iyong pamilya?

A11: Iyong nasabi kong kamote, halimbawa. Tag-ulan kasi namin siya tinatanim. Ngayon, puro tag-araw at sobrang init kaya hindi na kami nakakatanim ng kamote. Bawas na iyong produkto na pwede namin kainin o ibenta. Dati, hindi rin naming problema iyong patubig o irigasyon. Ngayon, sa sobrang init, pati mga ilog natutuyo kaya hindi na mapatubig yung palayan namin. Humihiram na lang kami sa lolo ko ng “power pump” para ma-supplyan ng tubig iyong palayan namin. Dahil din doon, kelangan naming bumili ng “gas” para mapaandar

iyon. Pati po iyong mga matatanda sa amin hindi na nakakapag-danso dahil na rin sa epekto ng sobrang init na wala na silang madanso.

Q12: Ano ang pagdadanso?

A12: Isa siyang katutubong tradisyon na kung saan mga isa hanggang dalawang linggo (1-2 weeks), kapag wala nang pera sa siyudad, umaakyat ang mga katutubo sa taas ng kabundukan at doon kukuha ng makakain— biyaya ng kagubatan. Magdadala lang ng bigas at asin sa bundok, kahit iyon lang ang dala, pwede na. Pag umakyat ka kasi, doon na sa bundok mo makukuha iyong ulam mo, sa mga ilog makukuha mo mga isda. Hindi ka magugutom kasi sa biyaya ng kalikasan, halos andoon na ang kakainin mo. Dahil kami ay katutubo, kumukuha lang kami sa sibol, iyon ang kinukunan namin ng tubig iyong patulo.

Q13: Ikaw ba mismo ay nagdadanso?

A13: Hindi po. Iyong mga matatanda po kasi may mga ritwal po siya. Pero ako naranasan ko siya kasi sinasamahan ko dati iyong lolo ko sa pagdadanso.

Q14: Nagagawa pa ba ang pagdadanso?

A14: Hindi na po. Kung mayroon man, madalang na po kasi wala na gaanong makuha sa kabundukan hindi tulad dati.

Q15: Pero gusto mo bang magdanso?

A15: Opo syempre.

Q16: Bakit?

A16: Tradisyon po... bahagi na ng buhay namin... at ng aming tribo... parang kulang at hindi kami totoong Aeta kung hindi kami bumabalik sa kabundukan at kalikasan.

Q17: Sabi mo kanina nagko-contribute ang climate change sa poverty at nagpapahirap sa inyong buhay at iyong pag-aaral— maari bang magbigay ka ng halimbawa?

A17: Minsan nakakasama nga po ako pagpupunta sa bundok. Nakita ko na tuyo na iyong mga ilog. Dati naliliguan pa namin iyon noong bata pa kami. Hindi pa marumi, hindi tuyot. Iyong mga bato roon hindi na naabutan ng tubig kasi natutuyot na nga po. Iyong lolo ko may mga baka. Dati marami siyang baka na sinusoga o pinapastol. Umaakyat kami kasama iyong mga baka tapos itatali lang sa mga puno doon sa bundok para kumain doon at uminom sa ilog. Dahil natutuyuan na, naapektuhan pati iyong mga baka, sobrang payat na.

Q18: Ano naman epekto nito sa inyo?

A18: Dati ang isang baka nabebenta namin ng 40,000 hanggang 45,000. Ngayon, 30,000 na lang kasi sobrang payat na, hindi tulad dati. Pati mahirap na rin silang ibenta.

Bukod sa baka, may mga kabayo kami na nasa koral (parang rancho). Doon sila nakakulong, malayang kumakain doon. Dati mga labing-walong (18) baka at dalawang (2) kabayo. Ngayon, mga limang (5) baka at isang (1) kabayo. Ngayon kasi natutuyo na iyong mga damo. Dati kasi kahit mga alas-onse ng umaga, malamig pa ang mga damo. Nakakain pa nila iyan. Ngayon nga tuyoy na tapos nagsu-supply pa kami ng sapwa ng saging. Nagpuputol pa kami ng sampung (10) sapwa ng saging para makadagdag sa kinakain ng limang (5) baka. At tsaka, paiba-iba na rin panahon ngayon kaya pati ang pagtatanim naiiba, hindi mo alam kung tag-ulan o tag-araw na ba.

Q19: Anong epekto nitong mga sinabi mo sa pamilya mo at sa mga katutubo, kung mayroon man?

A19: Dahil nababawasan ang ani, napipilitan kami na gumamit ng abono o “fertilizer” na kemikal para makabuhay ng mga tanim. Lumalaki ang gastos... Dati, sapat na iyong “organic fertilizer,” ngayon hindi na po. Nawawalan kami ng makakain din po. Ngayon, hindi na kayang magbigay ng kalikasan dahil sa sobrang init at pabago-bagong panahon. Napipilitan ang mga katutubo na magsunog ng kahoy sa kabundukan para gawing uling tapos ibebenta para makabili ng pagkain. Naapektuhan ang kabuhayan namin, dahil nga katutubo kami, sa bundok talaga tirahan namin.

Q20: At sa iyong pag-aaral?

A20: Kinailangan pa po akong mag working student. Yung chance na makapag-aral bumaba dahil sa mga epekto ng climate change sa aming kabuhayan at pagdadanso. Hindi naman po dahil lamang sa climate change, marami pang ibang dahilan, kung bakit nagkaganito ang aming buhay. Pero ang climate change ay isa sa mga dahilan ng aming mas mahirap na buhay at bumabang chance na makapag-aral nang full time at maayos.

Q21: Sa anong aspeto?

A21: Dati kasi pag may kailangan ako sa iskwela, kaya pa naman punan ng magulang ko. May maibibigay sila kasi maganda naman ang ani. Sapat sa pangkain namin at may sobra pa para ibenta. Naalala ko noon, noong nasira iyong inaasahan naming kita sa ani ng kamote dahil sa tagtuyot, wala kaming pera. Nanghiram pa kami sa kapatid ng nanay ko para may ipangbayad sa matrikula at iba pang pangangailangan sa iskwela.

Q22: Magkano ang bayad mo sa matrikula?

A22: 12,000 pesos po kada semestro.

Q23: Ano ang trabaho at inaaral mo?

A23: Isa po akong “receptionist” at therapist. Nag-aaral po ako ng kursong “Education – MAPEH.”

Q24: Kumusta naman ang buhay “working student”?

A24: Mahirap po. Nalayo ako sa amin. Nagtatrabaho po ako sa ibang lugar, sa Dinalupihan. Doon po ako tumutuloy sa “staff house.” Ang hirap lang po kasi hindi ko kasama iyong pamilya ko. Nasabi ko po sa inyo kanina na lumaki ako na magkakasama kami, pati mga kamag-anak ko. Ngayon, ako lang mag-isa, nagtatrabaho para makapag-aral at makatulong sa pamilya ko. Ako gumagawa ng lahat kasi wala naman iyong nanay ko. Dati, pag-gising mo sa umaga o pag-uwi ko ng bahay, may makakain na. Ngayon, pati pagkain hirap na. Bukod sa titipirin mo kasi lahat ng gastusin ako na bahala, pag-uwi ko sa trabaho at sa iskwela, pagod na ako. Nagno-noodles na lang ako, minsan hindi na ako nakakakain. Nalilipasan ako ng gutom, napapabayaan ko iyong kalusugan ko kasi nga pinagsasabay ko pagtatrabaho at pag-aaral. Pag may-exam pa, hindi na ako nakakatulog kasi nga nagtatrabaho ako, kulang ang oras. Tapos malayo pa ako sa pamilya ko.

Q25: Masasabi mo ba na may epekto ito sa pag-aaral mo?

A25: Opo. Imbes na nag-aaral po ako, nagtatrabaho po ako. Iyong oras ko hati na. Hindi rin naman pwede ako tumigil sa pagtatrabaho.

Q26: May gusto ka pa bang sabihin?

A26: Bilang isang katutubong kabataan at anak ng magsasaka, malaki ang epekto sa amin ng matinding init at pagbabago ng klima. Kaming mga kabataan ang higit na naapektuhan. Makakatapos ba kami sa pag-aaral kung hindi kami “working student”? Pagnagkaanak kami, paano na lang kami? Lahat na lang ba ng mga lamang-tubig at kalikasan sa “picture” na lang makikita? Sa “drawing” na lang ba? Paano na lang ang buhay namin? Kung kami ganito, paano na lang ang mga kabataan na isisibol palang ngayon?

Q27: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A27: Opo.



Rica Diamzon Cahilig

16 Marso 2018